Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
Sta. Monica, Puerto Princesa City

**WILLIAM P. LERIO,**
Protestant,

-versus-

**MEGAWORLD,**
Protestee.

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**RE: FORMAL PROTEST OF LAND CONFLICT CLAIMED BY WILLIAM P. LERIO, IDENTIFIED AS LOT 3896, SITUATED AT BGY. BINGA, SAN VICENTE, PALAWAN, CONTAINING AN AREA OF 45,000 SQUARE METERS;**

**FORMAL PROTEST BY WAY OF JUDICIAL AFFIDAVIT**

I, **WILLIAM P. LERIO**, of legal age, married, Filipino and resident of Bgy, Alacalian, Taytay, Palawan, matapos manumpa ng naaayon sa batas sa pamamagitan ng Judicial AFFIDAVIT ay nagsasaad ng mga sumusunod na katotohanan:

a. Na ngayong ika-5 ng Oktubre 2022 humigit-kumulang ika-10:00 ng umaga, ang abogadong mag tatanong sa akin ay si Atty. Roland E. Pay sa kanyang opisina na matatagpuan sa Constantino Building, Lacao St., Lungsod ng Puerto Princesa;

b. Una, una ako ay binibigyan babala na ang lahat ng aking isasagot sa kanyang mga katanungan ay pawang katotohanan lamang, at kapag ako ay nagsinungaling sa mga katanungang ito ay pananagutan ko sapagkat ako ay nanumpa at ako ay maaaring managot sa kasalanang perjury o false testimony, kapag napatunayang hindi ako nagsasabi ng totoo.

DIRECT TESTIMONY:

| | |
|---|---|
| 1. Tanong : | Pakilahad ang tunay na pangalan, tirahan mo? |
| Sagot : | Ako si William P. Lerio, naninirahan sa Bgy. Alacalian, Taytay, Palawan. |
| 2. Tanong : | Bakit ka naririto sa opisina ni Atty. Roland E. Pay? |
| Sagot : | Para mag file ng Formal Protest. |

| | |
|---|---|
| 3. Tanong : | Tungkol saan ang inyong pinoprotesta? |
| Sagot : | Tungkol sa lupa na aking kiniclaim, identified as Lot 3896, Situated at Bgy. Binga, San Vicente, Palawan, containing an area of 44,413 Square Meters, na binenta ko kay Tony Alvarez, kalakip nito ang Deed of Sale ng nasabing bentahan na may bilang Annex A. |
| 4. Tanong : | Pagkatapos na nabenta mo kay Tony Alvarez ano ang sumunod na nangyari? |
| Sagot : | May excess ako papuntang west na humigit kumulang sa 31,714 Square Meters, una po ang naibenta ko po ang titulado apat' kalahati, then yong aking naiwan na hindi titulado ay nasa humigit kumulang tatlong (3) hektarya. |
| 5. Tanong : | Ngayon, ano ang ginawa mo sa excess na iyon? |
| Sagot : | Inapplayan ko po sa DENR, pina-survey ko po kay former Williard Magbanua. |
| 6. Tanong : | Na survey ba? |
| Sagot : | Opo, na survey, kalakip po dito ang Certification na iginawad ng Department of Environment and Natural Resources – CENRO Roxas, Palawan, na pinirmahan ni Senior Forester Gregorio Bautista, na may bilang Annex B. |
| 7. Tanong : | Pagkatapos niyan ano pa ang nangyari sa lupang·iyan? |
| Sagot : | Inaapplayan ko po ng Barangay Certification at hindi na rin po ako bigyan ni Kapitan dahil sinabi ni Governor noong mga panahon na iyon na hindi na pupwede. |
| 8. Tanong : | Sino ang Governor na iyong sinasabi? |
| Sagot : | Si Governor Jose Chavez Alvarez. |
| 9. Tanong : | Kailan yan na sinabi sa iyo na hindi na pupwede? |
| Sagot : | Noon pong lumapit po ako kay Kapitan Neri Varquez. |
| 10. Tanong : | Ngayon, noong ano ang sinabi ng kapitan? |
| Sagot : | Binigyan po ako ni Kapitan Neri Varquez ng Certification, kalakip ng Salaysay na ito ang Certification na iginawad ng Office of the Punong Barangay of Binga, Taytay, Palawan, na may bilang Annex C. |
| 11. Tanong : | Matapos niyan na hindi ka binigyan ng certification gaya ng sabi mo, at sabi ni Governor Chavez Alvarez ay hindi na pwede, kanino o paano mo nalaman na sinabi ni Governor Alvarez na hindi na pwede? |
| Sagot : | Yon din po yong paglapit ko kay Kapitan, at si kapitan po ang nagsabi, kaya yong Certification na nabanggit sa itaas nalang ang ibinigay niya basi sa hawak ko ring Certification galing sa DENR. |
| 12. Tanong : | Ano ba ang kasunod na iyong ginawa upang maproktesyonan ang lupa mo? |
| Sagot : | Doon po sa pag benta ko kay Mayor Alvarez pa noon, mayroon Sinumpaang Salaysay si Mrs. Carriedo, at ito po |

| | |
|---|---|
| | ang kanyang binabanggit sa kanyang Sinumpaang Salaysay patungkol sa pagbenta ko ng aking lupaing titulado kay dating Mayor Alvarez at ganit ang kanyang sinasaad: 1. Na ako po ay kasalukuyang nanunungkulan bilang Barangay Chairwoman ng Barangay Binga, San Vicente, Palawan noong taong 1996, sapagkat nasasakupan ko sa jurisdiction ko ang lugar ni William Lerio sa Sitio Gie, Barangay Binga, San Vicente, Palawan, na kung saan man naroroon ang kanyang parsela ng lupa na may sukat 44,413 Metro Kwadrado, may Original Certificate of Title No. E-13573, Lot No. 3896-Cad-860-D, matatagpuan sa Barangay Binga, San Vicente, Palawan, na kung saan noong panahon na iyon ay kasama ako ni Reynaldo R. Reyes na pagkakaalam namin na tao ni Mayor Antonio Alvarez, na noong Pebrero 16, 1996 ako po ay kasama ni Reynaldo Reyes na nagbigay ng P8,000 na tinanggap ni William Lerio bilang paunang bayad sa kanyang lupang binanggit at nakahanda akong tumistigo sa husgado na hindi pa siya nababayaran ng buo. Na kung saan ang pagkakaalam ko ay P100 kada Metro Kwadrado, na kasama rin namin roon na tumistigo si Vince Binay Palkonaya na isang asawa ng empleyado ng CENRO, Roxas, Palawan na ang kasalukuyan ang kasunduan nila ni William Lerio at Reynaldo Reyes ay babayaran na lamang ng kabuohang halaga sa Puerto Princesa City, na pinapatunayan ko na Acknowledgement Receipt na ito na kung saan isa ako na tumistigo ay tama at totoo. Attached herto. |
| 13. Tanong : | Binenta mo kay Mayor Antonio Alvarez nabayaran ka ba lahat? |
| Sagot : | Mayroon po kaming Acknowledgment, at mayroon akong natanggap na Eighty Thousand Pesos (Php80,000.00), kalakip ng Salaysay na ito ang Acknowledgment na may bilang Annex D". |
| 14. Tanong : | Pagkatapos na maibenta yong titulado mong lupa kay Mayor Antonio Alvarez, ano ang nangyari sa iyong Excess na lupa na iyong inapplayan? |
| Sagot : | Nilinis ko po iyon, pagkatapos binakod ko po, subalit nawala po yong bakod ko po doon, pinaalis po nila ako. |
| 15. Tanong : | Sino ang nagpaalis sa iyo? |
| Sagot : | Yon pong mga tao ni Governor Alvarez, yong kanilang mga Security. |
| 16. Tanong : | Kailan kayo pinaalis? |
| Sagot : | Noong matapos na yong bilihan namin doon sa tituladong lupa, yong po yong sinunod kong nilinis yong hindi po titulado na papunta sa aplaya. |
| 17. Tanong : | Ngayon, yong lupa mong papuntang aplaya ano ang sumunod na pangyayari? |
| Sagot : | Wala na po, hindi na po ako makapasok, dahil pinagbabawalan po ako ng mga security ni Governor Alvarez. |

| | |
|---|---|
| 18. Tanong : | Ano ang ginawa mo matapos hindi ka na makapasok sa lupang iyong? |
| Sagot : | Lumapit po ako kay kapitan, para sana maayos, wala naman pong aksyon si kapitan dahil wala naman siyang desisyon, kaya nagtanong po ako sa isang abogado. |
| 19. Tanong : | Ano ang nangyari ngayon matapos kang magtanong sa abogado? |
| Sagot : | Pumunta at humingi ako ng tulong kay Atty. Roland E. Pay, upang matulungan ako sa aking protesta patungkol sa excess ng aking lupa. |
| 20. Tanong : | Ano na ba ang status ngayon ng lupa mo, na ayon sa iyo ay hindi ka na pinapapasok ng mga security ni Governor Alvarez? |
| Sagot : | Nakatiwangwang po, pero bawal po ako pumasok doon, at ayon po sa aking pagsasaliksik ay pinapatituluhan na po ito ng Megaworld. |
| 21. Tanong : | Ano ang Megaworld na iyan? |
| Sagot : | Isa pong Corporation nasa pagkakalam ko rin po ay isa rin po ang mga Alvarez na nagmamayari ng nasabing corporation. |
| 22. Tanong : | Ngayon, maliwanag, kaya hindi kana nakapagpatuloy na mag lagay ng mga dapat na ilagay sa iyong lupa na iyon bilang improvement dahil pinaalis ka nila? |
| Sagot : | Opo, tama po iyan. |

Na isinagawa ko ang Formal Protest by way of Judicial-Affidavit na ito upang patunayan ang lahat ng nabanggit sa itaas at hilingin na mapawalang bisa ang aplikasyon ng Megaworld sa excess ng aking lupa.

At Puerto Princesa City, this 5th day of October 2022.

WILLIAM P. LERIO
Protestant

SUBSCRIBED AND SWORN to before me this 5th day of October 2022 at City of Puerto Princesa, by WILLIAM P. LERIO, with his Valid Identification Card No. ____________________ issued by _________________, who personally appears before me and attest to the whole truth of the contents thereof under the penalty of law.

Doc. No. 257
Page No. 83
Book No. CCCLVI
Series of 2022

ATTY. ROLAND E. PAY
NOTARY PUBLIC
PUERTO PRINCESA CITY
ROLL NO. 32126

ATTY. ROLAND E. PAY
NOTARY PUBLIC
JUNE 24, 2022 TO DECEMBER 31, 2023
PTR NO. 0898617/01-03-2022
IBP NO. 135254/02-23-2022
ROLL NO. 32126
MCLE COMPLIANCE NO. VI-0025887/4-29-2019

Copy Furnished:

CENRO – TAYTAY, PALAWAN → Registry Receipt No: VII-534 6031
Poblacion, Taytay, Palawan

CENRO – ROXAS, PALAWAN + Registry Receipt NO: 511 534 659 ZZ
Sandoval Street, Brgy. 3, Poblacion Roxas, Palawan

REGISTRY OF DEEDS OF PALAWAN + Registry Receipt NO: 511 534 628 ZZ
Ground Floor, Capitol Building, Rizal Street, Puerto Princesa, 5300 Palawan

SECRETARY OF DENR + Registry Receipt NO: 511 534 614 ZZ
DENR Bldg. Visayas Avenue, Diliman,: Quezon City: Metro Manila

DENR REGION IV-B MIMAROPA + Registry Receipt 511 534 645 ZZ
**DENR by the Bay Bldg., 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila**

ATTESTATION

I, ATTY. ROLAND E. PAY, of legal age, Filipino and with office address at Constantino Building, Lacao St., Puerto Princesa City, on oath depose and state that:

I am a lawyer who conducted the examination of WILLIAM P. LERIO, I faithfully recorder the questions asked and corresponding answer of WILLIAM P. LERIO, in a language known to him, and neither I am any other person coached WILLIAM P. LERIO of his answer.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand this 5th day of October 2022 at City of Puerto Princesa.

ATTY. ROLAND E. PAY

Republic of the Philippines
Province of Palawan
Municipality of San Vicente
Barangay Government of Binga

**OFFICE OF THE PUNONG BARANGAY**

**C E R T I F I C A T I O N**

**TO WHOM IT MAY CONCERN:**

**THIS IS TO CERTIFY** that The Parcel of Land /Public Land of Barangay Binga, San Vicente, Palawan classified to be **Alienable and Disposable Land under project 9-A Block VIII LC Map No. 1641** based on the CENRO Certification issued last **April 11, 1990 with an area of 4.64 Hectares** document presented by **WILLIAM P. LERIO**, of legal age, married, Filipino citizen a bona fide resident of Sitio Kawakayan, Barangay Alacalian, Taytay, Palawan .

This certification is being issued upon the request of the subject person **WILLIAM P. LERIO** for securing related documents to other concerned entities/agencies.

Issued this 15th day of January 2019 at the Office of the Punong Barangay, Barangay Binga, San Vicente, Palawan, Philippines.

Certified by:

**HON. NERIE A. VARQUEZ**
Punong Barangay

RPA FORM NO. 1
TAX DECLARATION NO. 001-0250-A

PROPERTY INDEX NO. 066-12-001-

## DECLARATION OF REAL PROPERTY
(FILED UNDER REPUBLIC ACT 7160)

Owner: WILLIAM P. LERIO, married to — Address: Binga, San Vicente, Palawan

Administrator: BRENDA AURELIO — Address:

### DESCRIPTION AND OTHER PARTICULARS OF PROPERTY

Location of Property: (Number & Street) — Binga (Barangay/District) — San Vicente, Palawa (Municipality/City/Province)

Certificate of Title No. OCT-E-13573 — Cadastral Lot No. 3896, Cad 860-D — Assessor's Lot No. 005 04

Boundaries:

North: AL# 002, 017 — South: AL# 008

East: AL# 025, Sec. 03, Public Land — West: AL# 004, 006, 020

(State streets, lots, or streams by which bounded, or names of owners of adjoining lands)

### I (b) LAND (AGRICULTURAL/MINERAL)

| OWNER'S DECLARATION | | | ASSESSOR'S FINDINGS | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kind | Area | Value | Kind | Area | Class | Unit Values | Market Value |
| | | | Coconutland | 4.4413 | 2nd | 16,000 | 71,060.80 |
| | | | | 4.4413 | | | 71,060.80 |

### I (b) PLANTS & TREES

| OWNER'S DECLARATION | | |
|---|---|---|
| Kind | No./Area | Value |

ASSESSOR'S FINDINGS

Market Value 100%
Adjustments
(a) Along or no rd frontage -12 %
18 (b) kms. to all weather rd -8 %
18 (c) kms. to market (pob) -7 %
Total Adjustments -27 %
Adjusted Market Value 73 %


| Kind | No./Area | Unit Value | Market Value |
|---|---|---|---|
| Coconut | 20 | 120.00 | 2,400.00 |
| Banana | 10 | 80.00 | 800.00 |
| Cashew | 65 | 100.00 | 6,500.00 |
| Mango | 2 (5 yrs.) | | |
| Coconut | 50 (5 yrs.) | | |

| | |
|---|---|
| Total | ₱ 9,700.00 |
| Total for land, plant and trees | ₱ 80,760. |
| Adjusted value for land, plants and trees | ₱ 58,955. |

### II LAND (RESIDENTIAL, COMMERCIAL, INDUSTRIAL, SPECIAL)

| OWNER'S DECLARATION | | | ASSESSOR'S FINDINGS | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kind | Area | Value | Kind | Area | Unit Values | Adjustments: | Market Value |
| Total | | Total | Total | | | | ₱ |

IMPORTANT: Issued for taxation purposes only and should not be considered as title to the property




SKETCH MAP OF AREA APPLIED
BY MR. WILLIAM LERIO
LOCATED AT :

Bgy. Binga
Mun. San Vicente
Prov. Palawan

SURVEYED BY:

Sr. For. Gregorio Bautista
FR Willard Magbanua

DATE: April 10,1990

SCALE: 1.4,000

APPROX. Area 4.44 Has.


PLOTTED BY WILLARD M. MAGBANUA

DATE APRIL 11, 1990

T.P. Corner 1 is N 73 W with approximate distance of 5,750 meters from emergency point.

TECHNICAL DESCRIPTION

| STATION | BEARING | DISTANCE | CORNER | REMARKS |
|---|---|---|---|---|
| 1-2 | N 05 E | 240 m | 1 | Stakes |
| 2-3 | S 88 E | 126 m | 2 | - do - |
| 3-4 | S 50 E | 81 m | 3 | - do - |
| 4-5 | S 52 W | 89 m | 4 | - do - |
| 5-6 | S 34 E | 104 m | 5 | - do - |
| 6-1 | S 55 W | 244 m | 6 | - do - |




Engr. Albert Ledesma
0905 734 2380

7.6127 TD.NO 003-0487-
4.4413 TITLED TO MR WILLIAM
3.1714 → ADJACENT (EXIST, OF MR. WILLIAM LERIO

ENGNR. ALBERT LEDESMA

SO. KAWAKAYAN, BRGY. ALACALIAN
TAYTAY PALAWAN
OCTOBER 5, 2022

DEAR SIR RAFFY TULFO,

ISA PONG MAPAGPALANG ARAW, AKO PO SI MR. WILLIAM P. LERIO NANINIRAHAN SA SITIO KAWAKAYAN, BRGY. ALACALIAN, TAYTAY, PALAWAN.

AKO AY DATING NANINIRAHAN SA BRGY. BINGA, SAN VICENTE, PALA[illegible] AT DOON RIN PO LUMAKI AT IPINANGANAK TAONG 1961 JANUARY 26. MAY CERTIFICATION PO NA KABILANG NA RIN PO AKO SA MGA KATUTUBO BILAN[illegible] ISANG TAGBANUA.

NAPANOOD KO PO SA TV AT NARINIG KO PO NA TUMUTULONG PO KAYO SA AMING MGA MAHIHIRAP. DOON KO PO NAISIP MAG PA ADVICE KAY ATTY. ROLAN[illegible] PAY, DITO SA PUERTO. MAY C.P. NO. SYA SA AKIN NO. 0927 4674 792, TINAWAGAN KO PO SYA, ANG ADVICE NYA, SULATAN MO SI SIR RAFFY TULFO BAKA SAKALI MATULUNGAN KA, SA LUPA MO SA SO. GUE, BINGA, SANVICENTE, PALAWAN.

ITO PO ANG AKING PROBLEMA, NAG PASUKAT AKO SA DENR NG AKING LUPA TAONG 1990, APRIL 11. KAY SENIOR FORESTER GREGORIO V. BAUTISTA AT PLOTT[illegible] BY FORESTER WILLARD N. MAGBANUA. AT NAPALOOB PO SA LOT 3896 PART CAD 860-D., LUMABAS PO SA ASSESOR IDENTIFICATION MAP NG SANVICENTE PALAWAN
006 21 003 11/15
PALAWAN, SANVICENTE, BINGA, SECTION MAY PIN NO. 005 AT 004. ITO PO AY PANAY SA AKIN, ANG 004 ITO PO AY TITULADO SA AKIN, OCT-E-13573 ANG AREA = 44,413 SQUARE METER AT NAIBENTA KO PO KAY MAYOR ANTONIO C. ALVAR[illegible] TAONG 1996, FEBUARY 16. SA NGAYON ANG NAG MAMAY ARI AY MEGAWORLD NA SA PAG KAKA ALAM KO PO AY KANILA EX. GOV. JOSE C. ALVAREZ RIN.

ANG 005 AY AKIN PONG PAG AARI PA RIN KAHIT HINDI KO PO NAPATI-TULUHAN AY NAPA SURVEY KO PO SA DENR. APRIL 11, 1990. NA NOONG NAGPA SURVEY SI GOVERNOR JOSE ALVAREZ NG KANYANG MGA NABILI, BASI PO SA MGA XEROX NG MAPA NA IPINADALA KO PO PANGATLO, PUMASOK PO SA LOT 3896 PART SI ALFREDO PARANGUE MAY AREA NA 24,413 SQ. AT ANG SA AKIN AY LOT 3896 PART ANG AREA 20,000 SQ. METER NA LANG NA SA TITULO AY 44,413 SQ. M. NG E-13573 MALI PO NA NAKAPASOK SI ALFREDO PARANGUE DAHIL SIYA AY MAY SARILING TITULO LOT 3897 AREA = 4,522 SQ. M. MAY CTC NO. E-12908, PANAHON NI KAPITAN ALDRIN ABIAN PO ITO, NA GUMAGAWA NG BRGY. CERTIFICATION NA HINDI TUGMA SA TUTUONG AREA NG MAY-ARI DAHIL ANG SA AKIN GINAWAN NYA DAPAT 31,714 SQ METER ANG GINAWA NYA AY 5,337 SQ. METER ITO PO AY MALI TINANGAP KO PO DAHIL NAISIP KO PAG DATING NG PANAHON IBIDINSIYA KO PO ITO SA MALING GAWA NG ISANG KAPITAN. ISSUED 16 Th day OF MARCH 2015 MAY OR NO. 1204291, ISSUED AT BINGA SANVICENTE PALAWAN. AMOUNT PAID: Phd 200.00 PINALITAN PO SI KAPITAN ABIAN NI KAPITAN NERIE VARQUEZ SA NGAYON 2022, SI KAPITAN NERIE VARQUEZ ANG KAPITAN, AT AYAW GUMAWA NG

BRGY. DAHIL UTOS RAW PO NI GOVERNOR JOSE C. ALVAREZ. NA HUWAG GAWAN NG BRGY. CERTIFICATION.

SA NGAYON PO AY INAGAW NA NG MEGA WORLD ANG LUPA KO NA DATI AY MAY BARONG-BARONG AKO AT MAY BAKOD NA KAHOY NAWALA PO ITO, DAHIL SA HIRAP NG BUHAY MAY SIYAM PO AKONG ANAK NA LUMIPAT SA KAWAKAYAN, BRGY. ALACALIAN, TAYTAY PALAWAN UPANG DOON MAGSAKA NG TUBIGAN PARA MABUHAY KO PO ANG AKING ASAWA AT SIYAM NA ANAK.

ANG MALUNGKOT PO SA TUWING PUPUNTA PO AKO SA LUPA KO, HINDI NA PO AKO PAPASUKIN NG SECURITY NI GOV. JOSE ALVAREZ DAHIL ITO RAW PO AY KAY EX-GOVERNOR NA RAW PAGAARI NA RAW PO NG MEGA WORLD NA ITO AY KANILA RING GRUPO. HINDI KO PO ITO IBININTA SA KANILA MAY TAY PIN NO. 005 ANG TAY PIN NO. 004 ITO PO ANG TITULADO E-13573, A=44,413 SQ.M. NA NAIBINTA KO PO KAY MAYOR ANTONIO C. ALVAREZ.

KALAKIP PO DITO ANG AKING FORMAL PROTEST SA DENR NA HUWAG PONG PAHINTULUTAN NA MAPATITULUHAN NG MEGA WORLD ANG LUPA KO NA MAY TAX IDENTIFICATION NO. 005 PASOK PO SA LOT 3896 PART CAD 860-D PARA MAGING KANILA, INAGAW PO NILA ITO SA AKIN NA DAPAT PARA SA MGA ANAK KO SANA. SIR, PARANG AWA NA PO NINYO SANA MATULUNGAN PO NINYO AKO, MATANDA NA PO AKO 62 ANYOS NA PO AT PALAGI NA RIN PO AKONG MAY SAKIT, MAAWA NAMAN PO KAYO SIR.

LUBOS NA GUMAGALANG AT NAGPAPASALAMAT,

(signature)
WILLIAM P. LERIO
INAGAWAN NG LUPA

P.S.
ITO PO ANG MAPA NO. 3 NA NAIPADALA/KALAKIP PO. ANG NAG SURVEY ENGR. ALBERT LEDISMA CP. NO. 0905-734-2380.

SA SURVEY NILA; LOT 3896 PART
ALPREDO PARANGUE A = 24,413 SQ.M. MALI PO ITO HINDI ITO KAY ALFREDO PAPANGUE
WILLIAM P. LERIO A = 20,000 SQ.M. MALI PO ANG AREA DAPAT AY LAHAT KAY WILLIAM DAHIL SA TITULO E-13573 AREA = 44,413 SQ.M.

ANG SURVEY NI ENGR. LAHAT NG LOT 3896 PART CAD 860-D SAN VICENTE AY 76,127 SQ. METER KASAMA ANG PIN NO. 004 NA TITULADO AT PIN NO. 005 NA NA SURVEY NG DENR APRIL 11, 1990.

SALAMAT PO.
(signature)